Batay sa **Roma 16:17-18** “**17Ngayo'y ipinamamanhik ko sa inyo, mga kapatid, na tandaan ninyo yaong mga pinanggagalingan ng pagkakabahabahi at ng mga katitisan, laban sa mga aral na inyong nangapagaran: at kayo'y magsilayo sa kanila. 18 Sapagka't ang mga gayon ay hindi nagsisipaglingkod sa Cristong Panginoon, kundi sa kanilang sariling tiyan; at sa pamamagitan ng kanilang mabuting pananalita at maïnam na mga talumpati ay dinadaya ang mga puso ng mga walang malay.**” At sa **Mga Gawa 20:28-30** “**28 Ingatan ninyo ang inyong sarili, at ang buong kawan, na sa kanila'y ginawa kayo ng Espiritu Santo na mga obispo, upang pakanin ninyo ang iglesia ng Panginoon na binili niya ng kaniyang sariling dugo. 29 Aking talastas na pagalis ko ay magsisipasok sa inyo ang mga ganid na lobo, na hindi mangagpapatawad sa kawan; 30 At magsisilitaw sa mga kasamahan din ninyo ang mga taong mangagsasalita ng mga bagay na masasama, upang mangagdala ng mga alagad sa kanilang hulihan.**” Ang kasalanan ng pagkakabaha-bahagi ay hinatulan at isang desisyon ang ginawa tungkol sa mga umalis ng simbahan ay itinuring na hindi mananampalataya at bilang mga nawalang mga anak, kasama na ang mga nagdulot ng pagkakabaha-bahagi, na hindi namin binigyan ng pahintulot ang sinumang umalis sa simbahan. Ang Banal na Kasulatan ay hinatulan ang ganoong paghihimagsik, at hindi rin namin ito pinahintulutan. Lahat ng mga gumawa niyaon sa nakaraan, walang sinuman sa kanila ang nakatanggap mula sa akin ng pahintulot at ng permiso na gawin ito. Sila mismo ang gumawa nito ng wala ang aming pahintulot dahil sa kanilang maling motibo at kanilang pagsuway sa Salita ng Diyos. Ang pagkakabaha-bahagi ay masakit ngunit sa isang magandang aspeto nito ay ang paglilinis ng simbahan mula sa mga gumagawa ng masama.

Sa ibang bansa, Iraq at Syria, na aming inaabot. Sinisimulan naming turuan ng praktikal na pagtatalaga sa Simbahan ng Diyos. Ang mga pag-aaral ng Paaralan ng Ministerio ay nagsimula ng taong iyon din at nanatili sa 3 taon.

Noong **2009** ang paksa ay **pamumunga ng simbahan** mula sa **Juan 15:16** “**16 Ako'y hindi ninyo hinirang, nguni't kayo'y hinirang ko, at aking kayong inihalal, upang kayo'y magsiyaon at magsipagbunga, at upang manatili ang inyong bunga: upang ang anomang inyong hingin sa Ama sa aking pangalan, ay maibigay niya sa inyo.**” At sa **Galacia 5:22-23** “**22 Datapuwa't ang bunga ng Espiritu ay pagibig, katuwaan, kapayapaan, pagpapahinuhod, kagandahang-loob, kabutihan, pagtatapat, 23 Kaamuan, pagpipigil; laban sa mga gayong bagay ay walang kautusan.**” Ang bunga ng pagsisisi, pamumunga ng bunga ng Banal na Espiritu, nakatuon sa kabanalan, at mga katangian at pag-uugali ng mga kasapi ng mga manggagawa ay binigyang-diin.

Noong **2010** ang paksa ay **paggawa ng mga alagad- namumungang simbahan** mula sa **Mateo 28:19-20** “**19 Dahil dito magsiyaon nga kayo, at gawin ninyong mga alagad ang lahat ng mga bansa, na sila'y inyong bautismuhan sa pangalan ng Ama at ng Anak at ng Espiritu Santo: 20 Na ituro ninyo sa kanila na kanilang ganapin ang lahat ng mga**

bagay na iniutos ko sa inyo: at narito, ako'y sumasa inyong palagi, hanggang sa katapusan ng sanglibutan. Amen.” Ang bunga ng paggawa ng bagong mga alagad, at pag-aaral sa tahanan ay nagsimula at binigyang-diin.

Ang sentral na pamahalaan ng aming simbahan ay umunlad pinukaw mula sa pamamahala ni Moses mula sa *Exodu 18:19-23* “*19 Dinggin mo ngayon ang aking tinig; papayuhan kita, at sumaiyo nawa ang Dios: ikaw ang maging tagapagakay sa bayan sa harap ng Dios, at dalhin mo ang mga usap sa Dios: 20 At ituturo mo sa kanila ang mga palatuntunan, at ang mga kautusan, at ipakikilala mo sa kanila ang daang nararapat lakaran, at ang gawang kanilang nararapat gawin. 21 Bukod dito'y hahanap ka sa buong bayan ng mga taong bihasa, gaya ng matatakutin sa Dios, na mga taong mapagpatotoo, na mga napopoot sa kasakiman; at siyang mga ilagay mo sa kanila, na magpuno sa mga lilibuhin, magpuno sa mga dadaanin, magpuno sa mga lilimangpuin, at magpuno sa mga sasangpuin: 22 At pahatulan mo sa kanila ang bayan sa buong panahon: at mangyayari, na bawa't malaking usap ay dadalhin nila sa iyo, datapuwa't bawa't munting usap, ay silasila ang maghahatulan: sa ganyan ay magiging magaan sa iyo, at magpapasan silang katulong mo. 23 Kung gagawin mo ang bagay na ito, at iuutos sa iyong ganyan ng Dios ay iyo ngang mababata, at ang buong bayan namang ito ay uuwing payapa.*” Ang sentral na pamahalaan ay itinatag patungkol sa pagtuturo ng pagtatalaga ng mga pastor at ng pananalapi. Ang sentral ng pamahalaan ng simbahan ay kailangang pangasiwaan ang pamumuhay ng mga kasapi at mga mangaggawa sa iba't ibang kapisanan ng simbahan. Ang pamantayan ng mga pinahintulutang mga manggagawa ay dapat panatilihin ang tiyak na pangako. Noong 2010 ang website ng simbahan ay inilunsad.

Noong 2011 ang paksa ay **panunumbalik bilang pandaigdigang simbahan** mula sa *Isaiah 58:12* “*12At silang magiging iyo ay magtatayo ng mga dating sirang dako; ikaw ay magbabangon ng mga patibayan ng maraming sali't saling lahi; at ikaw ay tatawagin Ang tagapaghusay ng sira, Ang tagapagsauli ng mga landas na matatahanan.*” Ang simbahan ay naibalik muli kung ano ang nilayon ng Diyos upang abutin ang buong sanglibutang at sa pamamahala ng, “*Isang Simbahan sa Maraming Lugar, Mga Kapisanan, May Pamahalaang Sentral at Isang Pananalapi.*”

Bawat kapisanan ay dapat magkaroon ng pagtutuk sa lokal na karugtong ganon din sa pandaigdigang misyon. Apat na mga bansa ay naabot: India, Sri Lanka, Myanmar at Pilipinas, sa pamamagitan ng mga paglalakbay sa misyon sa loob ng isang maikling panahon ng walong buwan. Itinaas ng Diyos ang mga pastor upang alagaan ang kapisanang ito. Ang simbahan ay nakabuo ng audio at mga kagamitan na nakasulat na katuruan upang mapunan ang mga kailangan at upang pakainin ang mga kasapi ng mga simbahan sa iba't ibang salita-English, Tagalog, Hindu, Urdu, Arabic, at Burmese.

Noong 2012 ang paksa ay **pagpapalawak ng tolda bilang pandaigdigang Simbahan** mula sa *Isaiah 54:2-3*. Ang Tagapamahala ng Simbahan at ang kaayusan ng konseho ng simbahan ay nabuo. Ang sertipiko ng mga Pastors at ang Ministerial ID card ay ibinigay sa mga pastor na nagpatuloy sa tungkulin at kinilala bilang isang pastor habang sila'y nagpapatuloy sa pagtuturo gaya ni Josue na nagpatuloy sa pagtuturo ni Moises; *Joshua 11:15* “*Kung paanong nagutos ang Panginoon kay Moises na kaniyang lingkod, ay gayon nagutos si Moises kay Josue: at gayon ang ginawa ni Josue; wala siyang iniwang hindi yari sa lahat na iniutos ng Panginoon kay Moises.*” At sa *Joshua 8:35* “*35*

Walang salita sa lahat na iniutos ni Moises na hindi binasa ni Josue sa harap ng buong kapulungan ng Israel at ng mga babae, at ng mga bata, at ng mga taga ibang lupa na nakikipamayan sa kanila.”

Noong 2013 ang paksa ay **Ang mga Saserdote ng Diyos** mula sa *Isaiah 61:6* “*6 Nguni't kayo'y tatawaging mga saserdote ng Panginoon; tatawagin kayo ng mga tao na mga tagapangasiwa ng ating Dios: kayo'y magsikain ng kayamanan ng mga bansa, at sa kanilang kaluwalhatian ay mangagmamapuri kayo.*” At sa *1 Pedro 2:9* “*9 Datapuwa't kayo'y isang lahing hirang, isang makaharing pagkasaserdote, bansang banal, bayang pag-aaring sarili ng Dios, upang inyong ipahayag ang mga karangalan niyaong tumawag sa inyo mula sa kadiliman, hanggang sa kaniyang kagilagilalas na kaliwanagan:*” konsentrasyon sa buhay ng pamilya, pagsamba sa pamilya ay hinikayat at mga pamilya ay kinumpirma bilang kongregasyon. Bawat pamilya ay isinaalang alang bilang kongregasyon sa simbahan. Sa katotohanan sa kasalukuyan sa aming simbahan ang pangunahing mga pamilya ay naglingkod sa Diyos. Simulain ng batang disiplina, pagpalo ng pamalo ay inilapat ayon sa *Kawikaan 22:15*, “*Ang kamangmangan ay nababalot sa puso ng bata; nguni't ilalayo sa kaniya ng pamalong pangsaway.*”

Pagkukop sa mga bata at pag-aaral sa bahay ay mas malinaw na itinatag mula sa *Deuteronio 6:6-7*, “*6At ang mga salitang ito, na aking iniuutos sa iyo sa araw na ito, ay sasa iyong puso; 7At iyong ituturo ng buong sikap sa iyong mga anak, at iyong sasalitain tungkol sa kanila pagka ikaw ay nakaupo sa iyong bahay, at pagka ikaw ay lumakad sa daan, at pagka ikaw ay nahihiga at pagka ikaw ay bumabangon.*” Ang mga magulang ay isinasaalang na mga pastor para sa kanilang mga anak at kabataan. Ang mga magulang na ayaw disiplinahin ang kanilang mga anak ay napagkasunduan na hindi bibigyan ng ministryo.

Kaarawan at pagdiriwang ng anibersaryo ng kasal ay hindi kasama sa simbahan. Paghahanda para sa maka-Diyos na pag-aasawa ay malinaw na itinatag mula sa Genesis 2. Ang mga isyu ng solong ina at solong ama ay itinaas upang matugunan. “**Ang Tungkulin ng mga Saserdote**” na aklat ay isinulat at inilathala noong 2015.

Noong 2014 ang paksa ay **bantay** mula sa *Isaiah 62:6-7* “*6 Ako'y naglagay ng mga bantay sa iyong mga kuta, Oh Jerusalem; sila'y hindi magsisitahimik kailan man sa araw o sa gabi: kayong mga mapagalaala sa Panginoon, huwag kayong mangagpahinga, 7At huwag ninyong bigyan siya ng kapahingahan, hanggang sa siya'y matatag, at hanggang sa kaniyang gawing kapurihan sa lupa ang Jerusalem.*” At *Ezekiel 3:17* “*17Anak ng tao, ginawa kitang bantay sa sangbahayan ni Israel: kaya't pakinggan mo ang salita sa aking bibig, at ipanguna mo sa kanila sa ganang akin.*” Ang ministerio ng pananalangin ng mga bantay ay naitatag at ang mga manggagawa at mga matatanda ng may pamantayan ay naitaas upang magbantay at mangalaga sa iba't ibang ministerio at tugunan ang iba't ibang kailangan upang maihanda ang simbahan para sa karagdagang pagpapalawak na inspirasyon mula sa *Mga Gawa 6:1-7* “*1 Nang mga araw ngang ito, nang dumadami ang bilang ng mga alagad, ay nagkaroon ng bulongbulungan ang mga Greco-Judio laban sa mga Hebreo, sapagka't ang kanilang mga babaing bao ay pinababayaan sa pamamahagi sa araw-araw. 2 At tinawag ng labingdalawa ang karamihang mga alagad, at sinabi, Hindi marapat na aming pabayaan ang salita ng Dios, at mangaglingkod sa mga dulang. 3 Magsihanap nga kayo, mga kapatid, sa inyo, ng pitong lalake na may mabuting katunayan, puspos ng*

*Espiritu at ng karunungan, na ating mailalagay sa gawaing ito. 4 Datapuwa't magsisipanatili kaming matibay sa pananalangin, at sa ministerio ng salita. 5 At minagaling ng buong karamihan ang pananalitang ito: at kanilang inihalal si Esteban, taong puspos ng pananampalataya at ng Espiritu Santo, at si Felipe, at si Procoro, at si Nicanor, at si Timon, at si Parmenas, at si Nicolas na taga Antioquia na naging Judio; 6 Na siyang iniharap nila sa mga apostol: at nang sila'y mangakapanalangin na, ay ipinatong nila ang kanilang mga kamay sa mga yaon. 7 At lumago ang salita ng Dios; at dumaming lubha sa Jerusalem ang bilang ng mga alagad; at nagsitalima sa pananampalataya ang lubhang maraming saserdote.” At sa 1 Timoteo 3:8-10 “8 Gayon din naman ang mga diakono dapat ay mahuhusay, hindi dalawang dila, hindi mahilig sa maraming alak, hindi mga sakim sa mahahalay na kapakinabangan; 9 Na iniingatan ang hiwaga ng pananampalataya ng malinis na budhi. 10 At ang mga ito rin naman ay subkin muna; kung magkagayo'y mamahalang may pagka diakono, kung walang kapintasan.” Sa ganon, ang mga tagapamahala ay itinaas upang tulungan ang kapisanan at ang mga manggagawa. Ang isyu ng solong ina at solong ama ay hinarap ayon sa buhay ni Hagar mula sa *Genesis 16* at *21*. Ang pagbabangko sa simbahan ay naitatag, upang tulungan ang mga kasapi para mag-ipon, at magbigay ng pautang ng walang interes upang makalaya ang aming mga kasapi mula sa mga utang ng may interes.*

Noong **2015** ang paksa ay **pagdurusa para kay Cristo** mula sa *Filipos 1:29* “**29 Sapagka't sa inyo'y ipinagkaloob alangalang kay Cristo, hindi lamang upang manampalataya sa kaniya, kundi upang magtiis din naman alangalang sa kaniya.**” *2 Timoteo 2:3-4* “**33 Makipagtiis ka sa akin ng mga kahirapan, na gaya ng mabuting kawal ni Cristo Jesus. 4 Sinomang kawal na nasa pagkakawal ay hindi nahalubilo sa mga bagay ng buhay na ito; upang siya'y kalugdan niyaong nagtala sa pagkakawal.**”, *1 Pedro 2:21* “**21 Sapagka't sa ganitong bagay kayo'y tinawag: sapagka't si Cristo man ay nagbata dahil sa inyo, na kayo'y iniwanan ng halimbawa, upang kayo'y mangagsisunod sa mga hakbang niya.**” Pinagtibay ng Panginoon ang pananaw noong taong iyon ang paglaki ng halaga ng tubig, kuryente at ibang gastusin. Nagsimula ang digmaan at pag-uusig na nagsimula sa Gitnang Silangan. Kaya naman ang pagaayuno, disiplinadong pamamahala, ang pagsasalapat ng pag-iipon, pag-iwas sa hindi kinakailangang paggastos, pag-iwas sa pagkain sa restaurant, pag-iwas sa mamahaling pagkain at pananamit at mga kasiyahan, pag-iwas sa hindi kinakailangang bakasyon, pagkontrol sa paggastos, at pagtitipid sa tubig at kuryante at pananalita ay ipinatupad sa lahat.

Ang katuruan ng **Unang Bunga** ay itinatag mula sa *Exodus 22:29*, “**Huwag kang magmamakupad ng paghahandog ng iyong mga ani, at ng tulo ng iyong mga pigaan. Ang panganay sa iyong mga anak na lalake ay ibibigay mo sa akin. 30 Gayon din ang gagawin mo sa iyong mga baka, at sa iyong mga tupa: pitong araw na mapapa sa kaniyang ina; sa ikawalong araw ay ibibigay mo sa akin.**” *Kawikaan 3:9-10*, “**9 Parangalin mo ang Panginoon ng iyong tinatangkilik, at ng mga unang bunga ng lahat mong ani: 10 Sa gayo'y mapupuno ang iyong mga kamalig ng sagana, at ang iyong mga alilisan ay aapawan ng bagong alak.**” *Hebreo 11:4*, “**4 Sa pananampalataya si Abel ay naghandog sa Dios ng lalong mabuting hain kay sa kay Cain, sa pamamagitan nito'y sinaksihan sa kaniyang siya'y matuwid, na nagpapatotoo ang Dios tungkol sa kaniyang mga kaloob: at sa pamamagitan nito patay na siya ay nagsasalita pa.**”

Mula **2016** hanggang **2018** ang paksa sa **simbahan ng pagpaparami sa kapayapaan** bilang **pandaigdigang simbahan** mula sa *Mga Gawa 9:31*. “**Sa gayo'y nagkaroon ng**

kapayapaan ang iglesia sa buong Judea at Galilea at Samaria palibhasa'y pinagtibay; at, sa paglakad na may takot sa Panginoon at may kaaliwan ng Espiritu Santo, ay nagsisidami.” Noong **2016** ang aklat “**Serve God's Service**” ay inilathala.

Ang pagtatanim ay ipinakilala batay sa kautusan ng Diyos kay Adam, “**17 At kay Adam ay sinabi, Sapagka't iyong dininig ang tinig ng iyong asawa, at kumain ka ng bunga ng punong kahoy na aking iniutos sa iyo na sinabi, Huwag kang kakain niyaon; sumpain ang lupa dahil sa iyo; kakain ka sa kaniya sa pamamagitan ng iyong pagpapagal sa lahat ng mga araw ng iyong buhay; 18 Ang isisibol niyaon sa iyo ay mga tinik at mga dawag; at kakain ka ng pananim sa parang;**” (*Genesis 3:17-18*) Ang mga manggagawa at mga kasapi ay natutong maghardin at magtanim ng mga gulay upang magparami ng pagkain.

Ang sumusunod na mg adios diosan at kulturang kasanayan ay ganap na inalis mula sa aming kongregasyon ng simbahan at mga pamilya: Santa Claus, Christmas Tree, Kasintahang lalake, Kasintahang babae, Pagsasama, Panliligaw, Araw ng Ama, Araw ng Ina, Araw ng Valentino, Pagdiriwang ng Kaarawan, Anibersayo ng Kasal, Araw ng Kaibigan Halloween (Harvest) Araw ng Pasasalamat, Buwan ng Pagpapahalaga sa Pastor. Noong **2017** ang aklat ng “**Put God First**” ay inilathala.

Sa panahon ng **2016-2018** ang mga manggagawa at mga kasapi ay sinanay bilang makaharing mga pari, sinanay bilang mga bantay para sa Panginoon. Ang gantimpala para sa mga nagkamit, iyon ay ang *panahon ng kapayapaan, panahon ng kapahingahan, pinalakas, pinatibay, hinikayat, naaliw, pinuno ng Banal na Espiritu, pamumuhay at paglakad na may takot sa Panginoon, pagkakaisa at paglago sa bilang, at pagpaparami.*

Ginamit ng Panginoon bilang huwaran sa mga taon na ating pinagdaanan upang unawain at pangasiwaan ang mga bagong kapisanan at bagong manggagawa na ang Panginoon ay nagdagdag sa simbahan sa pamamagitan ng paggamit ng mga hakbangin na pinangunahan tayo ng Panginoon. Ating nakita at nakilala kung nasaan sila at tayo ay pumunta sa kanila at dinala natin sila sa pamamagitan ng sukat habang naghahasik tayo sa balangkas sa ibaba, na pinangunahan sila kasama namin bai- baitang. Noong **2018** ang pamantayan para sa pag-aasawa ay painahintulutan ay itinatag.

Sa kalagitnaan ng **2018**, ang simbahan ay nagsimulang magkaroon ng ilang inaabot upang abutin ang konteninte ng Africa, at sinusubukan pa rin nating magtaas ng mga manggagawa sa bansa ng Africa.

Noong **2019** ang paksa ng **pagpaparami sa kapayapaan at pagpapatupad ng buong kalooban ng Diyos bilang pandaigdigang simbahan** mula sa *Epeso 1:9* “**Na ipinakikilala niya sa atin ang hiwaga ng kaniyang kalooban, ayon sa kaniyang minagaling na ipinasiya niya sa kaniya rin.**” *Mateo 6:10* “**Dumating nawa ang kaharian mo. Gawin nawa ang iyong kalooban, kung paano sa langit, gayon din naman sa lupa.**” *Mateo 26:39* “**At lumakad siya sa dako pa roon, at siya'y nagpatirapa, at nanalangin, na nagsasabi, Ama ko, kung бага maaari, ay lumampas sa akin ang sarong ito: gayon ma'y huwag ang ayon sa ibig ko, kundi ang ayon sa ibig mo.**” *Mateo 26:42* “**Muli siyang umalis na bilang ikalawa, at nanalangin, na nagsasabi, Ama ko, kung di mangyayaring makalampas ito, kundi ko inumin, mangyari nawa ang iyong kalooban.**” *Mga Gawa 22:14* “**At sinabi niya, Ang Dios ng ating mga magulang ay**

itinalaga ka upang mapagkilala mo ang kaniyang kalooban, at makita mo ang Banal, at marinig mo ang isang tinig mula sa kaniyang bibig.” At sa *Mga Gawa 20:27* *“Sapagka’t hindi ko ikinait ang pagsasaysay sa inyo ng buong kapasiyahan ng Dios.”*

Resolusyon para sa pagdiriwang ng kaarawan ni Cristo; Pasko at lahat ng ito ay may kasamang mga kasanayan kasama ng pagbawal sa pagdiriwang sa Desyembre, mahabang bakasyon, pagtitipon, pagpapalitan ng regalo, Santa Claus, at ang puno. Ang katuruan ng walang make up ay ipinakilala. Pagsisimula ng mga serye ng mga Aral mula sa sermon ni Jesus sa Bundok mula sa Mateo 5:7. Noong 2019 ang aklat **“The Power to Get Wealth”** ay nailathala.

Apat na mga idolo ang nahatulan na may kinalaman sa pagpapatupad ng buong kalooban ng Diyos noong 2019.

- Ang idolo ng edukasyon. Ang mga tao ay nagaaral saan man nila hangarin at makipagpaligsahan sa sanglibutan, at hindi sa idenerikta ng Diyos.
- Ang idolo ng pagaasawa. Ang mga tao ay nagaasawa sa kahit kanino na kanilang pinili at hindi sa pinili ng Diyos.
- Ang idolo ng pandarayuhan. Ang mga tao ay lilipat upang manirahan saanmang lugar nila gustuhin.
- Ang idolo ng pamumuhay ng estilo ng buhay na nais nila at hindi sa estilo ng Diyos.

Noong 2019 mabuting bilang ng mga alagad at manggagawa ang umalis sa simbahan, gaya sa *Juan 6:60-61, at 66* *“60 Marami nga sa kaniyang mga alagad, nang kanilang marinig ito, ay nangagsabi, Matigas ang pananalitang ito; sino ang makaririnig noon? 61 Datapuwa’t pagkaalam ni Jesus sa kaniyang sarili na nagbubulongbulungan ang kaniyang mga alagad tungkol dito, sa kanila’y sinabi, Ito baga’y nakapagpapatissod sa inyo? 66 Dahil dito’y marami sa kaniyang mga alagad ay nagsitalikod, at hindi na nagsisama sa kaniya.”* Sila’y umalis sa kongregasyon ng Al Ain, UAE pagkatapos nilang malaman na ang simbahan ay nagbago sa sumasaklaw sa paaralan ng simbahan upang tamaan ang idolo ng edukasyon at ang idolo ng paggamit sa simbahan upang makakuha ng mga benepisyo. Sila’y nasa simbahan alang alang sa pagaaral ng kanilang mga anak at hindi para sa Diyos. Nilinis ng Diyos ang simbahan mula sa kanila.

Sa pag-alis sa kongregasyon sa Al Ain, aming hinarap ang mabigat na paguusig; maraming mga kasapi ay nalinlang at nahila. Ginawa nila ito dahil sila’y naghahangad na wasakin ang simbahan, ngunit ang Panginoon ay iniligtas tayo mula sa masasamang pakana, Nilinis Niya ang Kanyang simbahan mula sa kanila at mula sa mga idolo na aming nabanggit at pinanatili ang Kanyang simbahan at Kanyang ministerio ng dalisay, buhay at malakas.

Noong 2020 to 2021 ang parehong paksa ng **pagpaparami sa kapayapaan at pagpapatupad ng buong kalooban ng Diyos bilang pandaigdigang simbahan:** ipinadala ng Diyos ang Kanyang poot, ang COVID-19 sa buong lupain upang hatulan ang buong mundo at upang disiplinahan ang mga simbahan na naging makamundo at kumilos bilang patutot. Idinulot ng Diyos ang pagbagsak ng ekonomiya at pagsara ng mga paaralan, mga kolehiyo, mga simbahan, malls, at mga paliparan, pagwasak ng idolo ng mga tao. Inaprobahan ng Diyos ang lahat ng katuruan na ibinigay Niya sa ating bilang

isang simbahan kasama ang katuruan ng pagdidisiplina ng anak, pagaaral sa bahay, hindi pagkain sa mga restaurant, walang pagtitipon, at pagaaksaya, walang make up, walang bakasyon, at turismo, pagiipon, walang pagmamalaki tungkol sa pagaaral at pangigingbang bansa ayon sa kagustuhan ng mga tao. Ngunit ang Diyos ay binigyan tayo ng masaganang kapayapaan at kapahingahan, tayo na nanatili sa Kanya at ngayon ay inihahanda ang ating sarili upang saksihan ang katuparan ng pananaw ng pagpaparami sa kapayapaan.

“Preparation for Godly Marriage” ang bagong aklat ay isinulat noong 2020 naghihintay para sa mailathala.

Ang serbisyo ng Arabic ng pagsamba ay nagumpisa sa Al Ain noong March 2020. Ministerio ng pagsasalain upang isalin ang kasulatan ng mensahe mula sa English sa Tagalog ay nagsimula noong Marso 5, 2021.

Noong 2022 ang parehong paksa ng **pagpaparami sa kapayapaan at pagpapatupad ng buong kalooban ng Diyos bilang pandaigdigang simbahan:** Ang pagsulat ng Buong Paliwanag sa Bibliya ay nagsimula noong Enero 2022, na sinundan ng paglulusad ng klinika ng simbahan.

Noong 2023 ang parehong paksa ng **pagpaparami sa kapayapaan at pagpapatupad ng buong kalooban ng Diyos bilang pandaigdigang simbahan:** Aklat Para sa Aral at Praktikal na Kasanayan Para sa Buhay at Ministeryo - 2023 Sipi, ay ipinamahagi sa mga tapat na manggagawa at pastor ng simbahan upang mag-aral at maghanda para sa pagsusulit.

Noong 2024 ang parehong paksa ng **pagpaparami sa kapayapaan at pagpapatupad ng buong kalooban ng Diyos bilang pandaigdigang simbahan:** Ang mga aklat Inilathala ang Paghahanda Para sa MakaDios na Pag aasaw Kabuuan 1 at Kabuuan 2.

Kasaysayan at Bibliikal na Paglalarawan ng Balangkas ng Paglago ng aming Simbahan

1995-2002	Lokal na simbahan.
2003	Nawalang simbahan.
2004-2005	Pagsisimula.
2006	Maraming kulturang kongregasyon ng pageebanghelyo, <i>Isaiah 54:2-3</i> .
2007	Pageebanghelyo, <i>Juan 10:10</i> .
2008	Pagtatayo ng pader, <i>Nehemiah 2:17-18</i> . Maayos na simbahan.
2009	Pamumunga, <i>Juan 15:16</i> . Pamumunga ng simbahan 2010 Yumaon at Gumawa ng mga disipolo, <i>Mateo 28:19-20</i> .
2011	Panunumbalik, <i>Isaiah 58:12</i> Pandaigdigang simbahan.
2012	Paglaki ng tolda, <i>Isaiah 54:2-3</i> .
2013	Mga Pari ng Diyos, <i>Isaiah 61:6, 1 Pedro 2:9</i> .
2014	Bantay, <i>Isaiah 62:6-7, Ezekiel 3:17</i> .
2015	Pagdurusang para kay Cristo, <i>Filipos 1:29, 1 Pedro 2:21, 2 Timoteo 2:3-4</i> .
2016-2018	Pagpaparami sa kapayapaan na may takot sa Diyos <i>Mga Gawa 9:31</i> .
2016-2018	Pagpaparami sa kapayapaan na may takot sa Diyos <i>Mga Gawa 9:31</i> .
2019	Pagpaparami sa kapayapaan- Pagpapatupad ng buong kalooban ng Diyos. <i>Epeso 1:9. Mateo 6:10. Mateo 26:39. Mateo 26:42. Mga Gawa 22:14</i> .

- 2020-2021 **Mga Gawa 20:27** Ang Paguusig ay nangyari sa panahon ng pagpapatupad at maraming umalissa simbahan sa kanila lng kahihiya. Pagpaparami sa kapayapaan- Pagpapatupad sa buong kalooban ng Diyos. Ipinadala ng Diyos ang Kanyang poot, COVID-19, upang patunayan ang Kanyang Salita. Binigyan tayo ng masaganang kapayapaan at kapahingahan, tayo na nanatili kasama Niya at ngayon inihahanda natin ang ating sarili upang saksihan ang katuparan ng pananaw ng pagpaparami.
- 2022-2025 Pagpaparami sa kapayapaan at pagpapatupad ng kalooban ng Diyos bilang pandaigdigang simbahan.

Simbahan ng Diyos, UAE Mga Kapisanan, Pamilya, Inaabot at Kasudlong

Kabuuan ng 98 mga miyembro, sa 13 na mga bansa, sa 32 na mga lugar; pagmasdan na karamihan sa ating lokasyon ay iilang kasapi o isang pamilya.

UAE: Al-Ain English, Tagalog, Arabic, Church School, Church Clinic. Abu-Dhabi. Ras Al Khaimah, Sharjah,

Oman: Muscat, Burami.

Iraq: Erbil and Baghdad outreaches.

India: Badlapur-Mumbai, Tambaram-Chennai.

Philippines: Antipolo, Castillejos City, Baguio, San Fernando-La Union, Abra, Bicol, Laguna, Bulugan

Sri-Lanka: Nuwara Eliya

Indonesia: Bangka

Pakistan: Sialkot.

Kuwait: Kuwait.

Armenia: Yerevan,

USA: Hawaii.

Sierra Leone: Adonkia

Malawi: Bangwe

www.churchofgoduae.com

Ang ministerio ng simbahan: Pageebanghelyo, Pagdidisipolo, Ministerio ng Bantay, Website ng Simbahan, Paaralan ng Simbahan, Pagbabangko ng Simbahan, Klinika ng Simbahan, Ministerio ng Pagtatanim, Ministerio ng Paglalathala, Minsiterio ng Pagsasalin, Ministerio ng mga bata at kabataan(sa ilalim ng bawat mga magulang ay kanilang mga anak at kanilang mga kabataan), at ang Ministerio ng Kababaihan (bawat asawang lalaki ay pangunahan ang kanyang asawang babae).

Ngayon tayo ay manalangin, ng may pagpapasalamat, sa Diyos upang tuparin ang pananaw:

- Pasasalamat sa lahat ng kapatiran, mga manggagawa, mga pastor, mga pamilya, mga kongregasyon at inaabot ng simbahan.
- Panginoon patuloy na patunayan ang Iyong Salita na ibinigay mo sa amin, ang iyong simbahan.
- **“Panginoon, palaguin mo ang aming pananampalataya”,** ayon sa Iyong pangako sa **Lucas 17:5.**
- **“Ano ang aking gagawin Panginoon?” (Mga Gawa 22:10)**

• **“Narito ako Panginoon. Ipadala mo ako” (Isaiah 6:8)**

• Panginoon, pangunahan kami at dalhin kami sa bagong mga tao na naghahanda upang tanggapin ang iyong biyaya, ayon sa **Mga Gawa 9:32, 10:48** at kung ano ang ginawa ng Diyos kay Apostol Pablo

• Panginoon, magtakda ng mga manggagawa mula sa atin at kunin sila sa pamamagitan ng Banal na Espiritu sa bagong lugar at magsimula ng bagong misyon ng paglalakbay, ayon sa **Mga Gawa 13** at **14** at kung ano ang ginawa ng Diyos sa pamamagitan ni Apostol Pablo at Barnabas.

• **“Panginoon, Ibigay mo sa amin ang mga bansa bilang aming mana, sa dulo ng daigdig bilang aming pagmamay ari.”** Ayon sa pangako ng Diyos sa **Awit 2:8**

• **“Panginoon ipadala mo ang mga mangaggawa sa iyong taniman ng pagaani.”** Ayon sa pangako ng Diyos **Mateo 9:38**

• Panginoon bigyang daan kami upang makapagtanim ng bagong pagaaral ng Bibliya at bagong kapisanan para sa simbahan. upang abutin ang bagong mga bansa at bagong mga wika, mga bansa at mga konteninte.

• Panginoon, paramihin kami sa kapayapaan ayon sa iyong pangako sa **Mga Gawa 9:31.**

• Panginoon pangunahan kami, protektahan kami ibigay sa amin upang ipatupad ang Iyong kalooban ng ganap.

Mangyaring huwag magatubiling kontakin ako ng direktso para sa alinmang paglilinaw.

Ng may pagibig, pananalangin at pagpapahalaga

Dr. Ramiz Khalaf

Simbahan ng Diyos

United Arab Emirates

Email: thebread1@gmail.com

Mobile at Whatsapp:00971551902647, 00971507768947

Messenger: Ramiz Khalaf